ANAKBAYAN
SOUTHERN TAGALOG

LUMALAKAS | LUMALAWAK | LUMALABAN

## ANO ANG ANAKBAYAN?

Ang ANAKBAYAN ay isang Pambansa Demokratikong Organisasyong Masa ng kabataang Pilipino na nagbubuklod sa kabataang manggagawa, magsasaka, mala-manggagawa, mangingisda, estudyante, propesyunal, kabataang di nakakapag-aral, migrante, kabataang simbahan, Moro at iba pang pambansang minorya, at kababaihan para kamtin ang tunay na Pambansang Demokrasya na may Sosyalistang Perspektiba.

### SINO ANG MAARING SUMALI SA ANAKBAYAN?

Ang sinumang may edad labing tatlo (13) hanggang tatlumput lima (35) na naniniwala at itinataguyod ang mga nabanggit na prinsipyo at programa ng ANAKBAYAN ay maaring maging miyembro.

### ANO ANG PINAGLALABAN NG ANAKBAYAN?

- Magkaroon ng marangal na **trabaho at nakabubuhay na sahod** ang bawat manggagawang Pilipino
- Itinataguyod natin ang suporta sa mga magsasaka sa pamamagitan ng **tunay na reporma sa lupa**
- Makamtan ang isang libre, dekalidad, at makamasang **edukasyon** na para sa lahat
- Matamasa ng mga mamamayan ang pantay na pagkilala sa **karapatang pantao** ng bawat indibidwal
- Matamasa ng mga mamamayan ang makamasa at aksesibleng **serbisyong panlipunan** tulad na lamang ng tubig, pabahay, transportasyon, at iba pa


### BAKIT NAGHIHIRAP ANG SAMBAYANANG PILIPINO?

Naghihirap ang sambayanang Pilipino dahil sa tatlong ugat ng kahirapan–ang Imperyalismo, Pyudalismo, at Burukrata-Kapitalismo–na nagluwal sa kasalukuyang sistemang panlipunan ng Pilipinas na malakolonyal at malapyudal.

Sa ganitong sistema, pinananatiling naghihirap at pinagsasamantalahan ang malawak na hanay ng sambayanang Pilipino, habang nagpapakasarap naman ang mga naghaharing uri.

# ANO ANG SAGOT NG ANAKBAYAN?

Ang tugon ng Anakbayan ay **pambansa demokratikong pakikibaka na may sosyalistang perspektiba.**



**Pambansa** ang ating pakikibaka dahil layunin nating pagkaisahin ang lahat ng mga mamamayang inaapi at pinagsasamantalahan para labanan ang lahat ng porma ng pagsasamantala, pangunahin sa pananakop ng Imperyalismong US sa atin.

**Demokratiko** ang ating pakikibaka dahil kasama natin ang mga kabataan, magsasaka, manggagawa, at iba pang sektor sa ating laban. Ibig sabihin, hindi interes ng iilang mga tao ang ating tinutugunan kundi interes ng malawak na hanay ng mga mamamayang inaapi at pinagsasamatalahan

## MGA AKTIBIDAD





**Educational Discussions** - pag-aaralan natin ang iba't ibang panlipunang suliranin upang matukoy kung paano natin sosolusyunan ito.



**Basic Masses Integration (BMI)** - pakikisalamuha at pakikipamuhay sa masang anakpawis upang alamin ang kanilang kalagayan.

**Cultural Activities** - kantahan, panulaan, awit-galaw, cultural nights, at iba pa!



**Mobilizations** - o mga rally kung saan pinapakita natin ang ating pagtindig sa mga usaping panlipunan

## GUSTO MO BANG SUMALI SA ANAKBAYAN?

Pangalan: ____________________

Edad: ____________________

Paaralan: ____________________

Kurso: ____________________

Contact No.: ____________________

Lugar ng Tirahan: ____________________

Note: Ang mga detalyeng hinihingi ay para sa mas madaling komunikasyon at upang malaman kung saang pinakamalapit na Anakbayan chapter kayo maipapaloob.